3

# Lingguhang Aralin sa Filipino

sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 1

FOR TEACHER'S REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS REPRODUCTION

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | Filipino |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | 2 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng ideya at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (**kuwentong pambata,** kuwentong-bayan, pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat) | Natutukoy ang sight words na kabilang sa Filipino<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>a. salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari<br>● salitang dinaglat<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita | Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (**kuwentong pambata**, kuwentong-bayan, pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat) | Natutukoy ang sight words na kabilang sa Filipino<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>a. salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari<br>● salitang dinaglat<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita |


FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br><br>Nagagamit ang mga **salita na high frequency** at mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagbati at ekspresyon sa iba't ibang sitwasyon<br>a. wikang ginagamit sa pakikipag-usap sa paaralan (academic language) | a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>**b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari**<br>e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br><br>Nagagamit ang mga salita na **high frequency** at mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagbati at ekspresyon sa iba't ibang sitwasyon<br>a. wikang ginagamit sa pakikipag-usap sa paaralan (academic language) |
| *D. Mga Layunin* | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga high frequency words o mga salitang madalas gamitin<br>2. nagagamit ang mga high frequency words ukol sa sarili at bansa<br>3. nauunawaan ang binasa/ napakinggang kuwentong pambata sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga sight words<br>2. natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>3. nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>4. naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga high frequency words o mga salitang madalas gamitin<br>2. nagagamit ang mga high frequency words ukol sa sarili at bansa<br>3. natutukoy ang damdamin ng pangunahing tauhan sa binasang/ napakinggang kuwentong pambata | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga sight words<br>2. natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>3. nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>4. naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. natutukoy ang mga elemento ng kuwento<br>5. nakasusulat ng talata gamit ang mga high frequency words na tinalakay sa klase<br>6. nababasa nang may tatas ang mga pangungusap | 5. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagbati at ekspresyon sa iba't ibang sitwasyon partikular sa wikang ginagamit sa pakikipag-usap sa paaralan (academic language) | 4. nakasusulat ng talata gamit ang mga high frequency words na tinalakay sa klase<br>5. nababasa nang may tatas ang mga pangungusap | 5. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagbati at ekspresyon sa iba't ibang sitwasyon partikular sa wikang ginagamit sa pakikipag-usap sa paaralan (academic language) |
| *E. Integrasyon* | GMRC at MAKABANSA | | GMRC at MAKABANSA | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | • High Frequency Words (Bayan at Sarili)<br>• Kuwentong Pambata<br>• Pagsunud-sunod ng mga Pangyayari (Sequencing)<br>• Elemento ng Kuwento<br>• Pagsulat ng Talata | • Salitang Dinaglat<br>• Pangngalan<br>• Magalang na Pananalita sa Paaralan (Academic Language)<br>• High Frequency Words (Bayan at Sarili)<br>• Kuwentong Pambata | • High Frequency Words (Bayan at Sarili)<br>• Kuwentong Pambata<br>• Pagsunud-sunod ng mga Pangyayari (Sequencing)<br>• Elemento ng Kuwento<br>• Pagsulat ng Talata | • Salitang Dinaglat<br>• Pangngalan<br>• Magalang na Pananalita sa Paaralan (Academic Language)<br>• High Frequency Words (Bayan at Sarili)<br>• Kuwentong Pambata |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | ABC+ Leveled Reader<br>Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa<br>Kuwento ni Siera Mae Paraan<br>Guhit ni Rea Diwata Mendoza<br>G3 Q2 FIL_Ang Idolo ni Beatrice (Easy)_051216_CE.cdr | ABC+ Leveled Reader<br>Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa<br>Kuwento ni Sier Mae Paraan<br>Guhit ni Rea Diwata Mendoza<br>G3 Q2 FIL_Ang Idolo ni Beatrice (Easy)_051216_CE.cdr | ABC+ Leveled Reader<br>Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa<br>Kuwento ni Sier Mae Paraan<br>Guhit ni Rea Diwata Mendoza<br>G3 Q2 FIL_Ang Idolo ni Beatrice (Easy)_051216_CE.cdr | ABC+ Leveled Reader<br>Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa<br>Kuwento ni Sier Mae Paraan<br>Guhit ni Rea Diwata Mendoza<br>G3 Q2 FIL_Ang Idolo ni Beatrice (Easy)_051216_CE.cdr |

FOR TEACHER REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS REPRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | Graphic organizers: story map, sequencing chart, letter template, at character profile | Picture cards, tsart, at sentence strips | Graphic organizer: word web at picture cards | Color coded word strips, tsart, word list (sight words) |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Gawain: Follow the Leader/ Sundin ang Pinuno<br><br>Ipaliwanag kung paano laruin ang Follow the leader o Sundin ang Pinuno. Magtalaga ng isang pinuno o leader. Ang pinuno ay magsasabi ng mga panuto na kailangang gayahin ng mga mag-aaral. Ngunit upang mas maging kawiliwili ang gawain, iba ang gagawin na posisyon o action/ kilos ng pinuno.<br><br>Hamibawa:<br>Pinuno/ Leader:<br>Isa, dalawa, tatlo!<br>Gayahin ninyo ako!<br>Itaas ang kaliwang paa!<br>(Itataas ng lider o pinuno ang kanyang kanang kamay.)<br><br>Pumili ng 3-5 mag-aaral na magiging pinuno at magbibigay ng panuto sa klase. | Gawain: Pinoy Henyo<br><br>Ipaliwanag kung paano laruin ang Pinoy Henyo. Ipahula sa mga mag-aaral ang mga salita sa pamamagitan ng pagtatanong kung ito ba ay tao, bagay, hayop, lugar at iba pang mga kategorya na kanilang naiisip. Sumagot lamang ng “Oo, hindi o pwede” sa kanilang mga tanong.<br>Gumamit ng mga salita na tungkol sa bansa.<br>Halimbawa ng mga salita:<br>Pilipinas, kalabaw, tinikling, bandila, Araw ng Kalayaan, at pangulo | Itanong sa klase kung ano alam nila sa salitang bayani.<br><br>Gumamit ng word web at itala ang kanilang mga sagot.<br><br>Maari ring magpakita ng mga larawan o halimbawa ng mga bayani at hayaan silang tukuyin ang mga ito.<br><br> | Magsagawa ng review ng mga detalye mula sa binasang kuwento kahapon. Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong:<br>Ilagay ang mga sagot sa color coded na word strips.<br><br>Trivia Game<br><br>1. **Sinu- sino** ang mga bayani na nabanggit sa kuwento?<br>2. **Saan** nakabase si Melchora Aquino<br>3. **Saan** ipinatapon si Melchora Aquino?<br>4. **Saan** lumaki si Trinidad Tecson?<br>5. **Ano** ang itinahi ni Patrocinio Gamboa?<br>6. **Anu- ano** ang ipinadala kay Patrocinio Gamboa noong siya ay naging espiya? |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin<br>sa pagtukoy ng mga high frequency words o mga salitang patungkol sa bansa at sarili, pagtukoy ng mga elemento ng kuwento, pagsusunud-sunod ng mga pangyayari mula sa binasa o napakinggang kuwentong pambata, pagbabasa nang may tatas ng mga pangungusap at pagsulat ng talata. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin<br>sa pagkilala ng mga sight words sa Filipino, pagtukoy sa kahulugan ng mga salita batay sa konteksto, pagkilala sa mga salitang dinaglat, pagsusulat ng mga natutunang salita, at paggamit ng magalang na pakikipag-usap sa paaralan. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin<br>sa pagkilala ng mga sight words sa Filipino, pagsusulat ng mga natutunang salita, pagtukoy ng mga elemento ng kuwento, pagsusunud-sunod ng mga pangyayari mula sa binasa o napakinggang kuwentong pambata, pagtukoy sa damdamin ng tauhan, at pagsulat ng talata. | Sabihin sa mga mag-aaral na sa araw na ito sila ay matuto ng mga aralin<br>sa pagkilala ng mga sight words sa Filipino, pagtukoy sa kahulugan ng mga salita batay sa konteksto, pagkilala sa mga salitang dinaglat, pagsusulat ng mga natutunang salita, at paggamit ng magalang na pakikipag-usap sa paaralan. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Talakayin ang laro/ gawain kanina. Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang gawain ng isang lider/ pinuno?<br>2. Bakit mahalagang makinig sa sinasabi o pinapagawa ng isang lider/ pinuno?<br>3. Anu-ano kaya dapat ang katangian ng isang magaling na pinuno/ lider?<br><br>Tumawag ng 3-5 mag-aaral upang magbahagi ng kanilang ideya. | Balikan ang mga salitang ginamit sa laro.<br>Ipakita ang mga larawan ng bawat isa at hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ito sa mga pangungusap. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara. Salungguhitan ang mga salita pagkatapos.<br><br>Halimbawa:<br> | Balikan ang Word Web<br>Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang kahulugan ng salitang bayani?<br>2. Sinu-sino ang mga kilala nating mga bayani?<br>3. Bakit sila tinatawag na mga bayani?<br>4. Anu-ano ang kanilang mga katangian?<br>Bigyang-diin na ang mga bayani ay maaring isang lalaki o babae. Maari ring sila ay mga ordinaryong mga mamayan. Maaaring talakayin na ang salitang ugat ng bayani ay “bayan”. | Balikan ang mga sagot sa Trivia Game. Ipaliwanag na ang mga ito ay mga pangngalan. Ipatukoy ang kategorya na kinabibilangan ng mga salita (na may parehong kulay na word strip). Magdagdag ng mga salitang ukol sa mga pangyayari tulad ng rebolusyon at hayop tulad ng agila o mga hayop na matatagpuan sa Pilipinas. |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Bigyang-diin na ang mga pinuno/ lider ay maaring isang lalaki o babae. Maaaring magbigay ng mga halimbawa tulad ng punong-guro o mga opisyal ng gobyerno. | Ang **bandila** ng Pilipinas ay may tatlong bituin at isang araw.<br>Maliban sa mga nabanggit na mga salita sa laro/ gawain kanina, salungguhitan din ang mga iba pang pangngalan sa pangungusap.<br><br>Maaring magdagdag ng detalye upang mas maging makabuluhan ang mga pangungusap.<br><br>Siguruhing gumamit ng mga sumusunod na sight words: ang, mga si, sina at mga panghalip panao<br>(Siya, Ako, Tayo, at Kami)<br>Maaring ipakita ang mga salitang ito bago ang pagsulat ng mga pangungusap o di kaya'y gamitin sa mga halimbawa. | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | Bago basahin ang kuwento, talakayin ang kahulugan ng mga sumusunod na mga salita gamit ang context clues:<br>• patakaran<br>• nahalal<br>• responsibilidad<br>• pulong<br>• rebolusyon | Ipabasa sa mga bata ang mga pangungusap sa pisara.<br><br>Ipaliwanag na ang mga sinalungguhitang mga salita ay tinatawag na mga pangngalan. Ang mga ito ay tumutukoy sa mga pangalan | Muling balikan ang ginawang word web.<br>Gamit ang mga salita/ tugon ng mga mag-aaral, gumawa ng isang talata ukol sa pagiging bayani.<br>(Shared Writing Task) | Muling basahin ang kuwento. Magbahaginan ng pagbabasa kasama ang mga mag-aaral. (Shared Reading)<br><br>Gumawa ng tsart at punan ito ng mga impormasyon sa kuwento. |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

Si Ginoong Martin ay ang mayor ng Lungsod Quezon. Siya ay **nahalal** noong 2016. Binoto siya ng mga mamamayan at nanalo. Mula noon ay naglingkod na siya sa bayan sapagkat ito ang kanyang **responsibilidad.** Kasama sa kanyang trabaho ang magpatupad ng mga **patakaran** na susundin ng mga tao tulad ng wastong pamamaraan sa pagtatapon ng basura at pagbabawal ng paggamit ng plastik. Siya rin ay dumadalo sa mga **pulong** ng kanyang mga kasamahan sa city hall. Dito ay nagtitipon sila at nag-uusap ukol sa mga problemang kinahaharap sa lungsod. Kilala ang pamilya ni Ginoong Martin na mula sa mahabang linya ng mga bayani nang nagkaroon **rebolusyon** laban sa mga Kastila. Ang kanyang pamilya ay isa sa mga lumaban sa mga mananakop noon.

Sabihin:

Sa ating babasahing kuwento, alamin natin kung sino ang lider o pinuno dito at isipin natin kung siya ay isang

ng lugar, tao, pangyayari, bagay, at hayop.

Ipakita ang tsart pagkatapos.

| PANGNGALAN | |
|---|---|
| Tao | |
| Hayop | |
| Lugar | |
| Bagay | |
| Pangyayari | |

Ipalista sa mga mag-aaral ang mga salita sa bawat hanay. Hikayatin silang magbigay ng ilan pang mga halimbawa.

Maaring gamitin ang sumusunod na paragraph frame bilang gabay:

Bayani ang tawag sa mga taong ____________. Maaring maging bayani babae man o lalaki. Sila ay ____________, ____________, at ___________. Ang pagiging bayani ay hindi madali. Ang isang bayani ay handang ______________________________________. Halimbawa ng mga bayani ay __________________ at ______________________. Tunay na kahanga-hanga ang mga bayani!

| Pangalan ng Bayani | Mga Nagawa/ Kontribusyon |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

1. Bakit mahalagang kilalanin ang mga kontribusyon ng mga babaeng bayani?
2. Anu-ano ang mga natutunan natin ukol sa mga katangian at kakayahan ng mga babaeng bayani?
3. Sa iyong palagay, tama ba ang paraan ng pakikipag-usap ni Henry sa mga babaeng tauhan sa kuwento? Bakit/ bakit hindi?


Gawain: Role Play/ Pagsasadula

Tumawag ng 4 na mag-aaral (2 lalaki at 2 babae). Sabihin

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mabuti/ mahusay na lider/ pinuno. (Motive Question)<br><br>Magsagawa ng read aloud ng kuwentong pambatang pinamagatang Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa (Unang Bahagi). | | | sa mga mag-aaral na isipin ang mga magagalang na pananalita na dapat ginamit ni Henry sa mga sumusunod na sitwasyon.<br><br>● Tinatalakay ni Bb. Cabiles ang mga babaeng bayani sa klase<br>● Kinakausap ni Henry si Beatrice habang nagpupulong ang mga class officers |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Pagkatapos basahin, talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Sagutin ang motive question.<br>2. Ilarawan ang pangunahing tauhan.<br>3. Sa iyong palagay, bakit kaya hindi makapagsalita si Beatrice?<br>4. Ilarawan si Henry.<br>5. Sang-ayon ka ba sa asal ni Henry sa kuwento? Bakit/ bakit hindi?<br><br>Hatiin ang klase sa 4 na pangkat at ibigay ang sumusunod na gawain.<br>Pangkat 1: Sequencing | Muling talakayin ang kuwentong binasa kahapon.<br>Sabihin:<br>Sa kuwentong ating binasa, nakilala natin ang iba't-ibang mga tauhan.<br>Ilan sa mga ito ay sina Beatrice, Henry, at Bb. Cabiles. Ang mga pangalan ng mga tauhan ay mga halimbawa ng pangngalan na tumutukoy sa tao. Pansinin natin ang pangalan ng kanilang guro.<br><br>Isulat ang pangalan ni Bb. Cabiles. Ipaliwanag na ang Bb. ay isang halimbawa ng isang salitang dinaglat. Ang ibig sabihin ng pagdadaglat ay pagpapa-ikli ng salita nang | Paghahawan ng Balakid<br>Ipakita ang larawan ng KKK o Katipunan.<br>Ipaliwanag na ang **Katipunan o KKK** ay isang samahan ng mga Pilipino na layuning lumaban sa mga Kastila. Ito ay itinatag ni Andres Bonifacio. Ang tawag sa mga kasapi o miyembro nito ay **katipunero** at **katipunera**. May iba't- ibang pamamaraan ng pakikipaglaban noon. Ang iba ay humawak ng aramas samantalang ang iba ay naging **espiya**. Ang mga espiya ay ang mga nagbibigay ng mga impormasyon ng palihim sa KKK. Mayroon ding nag-aabot ng mga tulong at gumagamot ng mga may | Sabihin:<br>Si Beatrice ang pangunahing tauhan sa kuwento. Kahapon ay tinalakay natin ang kanyang mga damdamin batay sa mga pangyayari sa kuwento. Ngayon naman ay pag-usapan natin ang mga kilos niya at pagbabago sa simula at wakas ng kuwento. Bago tayo magpatuloy, basahin muna natin at aralin ang mga sumusunod na sight words.<br>● ni<br>● ngunit<br>● dahil<br>● kaya<br>● maging<br>● bagamat |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ipaguhit at ipatala ang limang pangyayari sa kuwento.<br><br>Pangkat 2: Story Map<br>Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga elemento ng kuwento.<br>- Tauhan, Tagpuan, at mga Pangyayari (simula, gitna, at wakas)<br><br>Pangkat 3: Liham ng Pagpapayo (Advice)<br>Magpasulat sa mga bata ng isang liham nanagpapayo sa pangunahing tauhan kung paano magiging mabuting pinuno/ lider sa klase.<br><br>Pangkat 4: Character Profile<br>Ipatala sa mga bata ang mga impormasyon at katangian ng pangunahing tauhan.<br>Pangunahing Tauhan — (larawan) | hindi binabago ang kahulugan nito.<br>Ang salitang binibini ay tumutukoy sa isang dalaga o babaeng wala pang asawa.<br><br>Ipakita ang iba pang halimbawa ng mga salitang dinaglat at ipaliwanag ang kaguluhan at tamang gamit ng bawat isa:<br><br>Binibini – **Bb.**<br>Doktor – **Dr.**<br>Pangulo – **Pang.**<br>Attorney – **Atty.**<br>Ginang – **Gng.**<br>Ginoo – **G.**<br>Honorable - **Hon.**<br>Engineer - **Engr.**<br>Kapitan - **Kap.**<br>Kagalang-galang - **Kgg.**<br><br>Sabihin:<br>Ang mga sumusunod na salitang dinaglat ay ginagamit upang tukuyin ang mga lider o pinuno ng bansa.<br>Pangulo – **Pang.**<br>Kapitan - **Kap.**<br>Kagalang-galang - **Kgg.** | sakit o nasugatan sa labanan. Iba- iba man ang kanilang pagtulong, lahat sila ay mga bayani!<br><br>Itanong sa mga mag-aaral kung mayroon silang kilalang babaeng bayani. Kung mayroon, hayaan silang ilarawan ang mga ito.<br>Sabihin:<br>Alamin natin kung sinu-sino ang mga bayaning mababanggit sa kuwento at kung anu-ano ang kanilang mga naging kontribusyon sa himagsikan/ rebolusyon.<br><br>Magsagawa ng read aloud ng kuwentong pambatang pinamagatang Ang mga Babaeng Bayani ng Bansa (Ikalawang Bahagi). | Ipaliwanag ang wastong gamit ng mga salita at magbigay ng halimbawa ng paggamit ng mga ito sa pangungusap.<br><br>Halimbawa:<br>Gustong sumagot **ni** Beatrice **ngunit** siya ay natatakot.<br>Nais ni Beatrice na ______________ matapang upang malaya siyang makapagsabi ng kanyang damdamin.<br>Sumagot si Beatrice sa sinabi ni Henry ______________ hindi niya nagustuhan ang sinabi nito.<br><br>Tulad ng mga bayaning babae, nais niyang maging isang mahusay na pinuno ______________ kinausap niya ang mga class officers.<br><br>______________ siya ay natatakot, sumubok si Beatrice na maghayag ng kanyang opinyon. |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Pangalan</td><td></td></tr>
<tr><td>Edad</td><td></td></tr>
<tr><td>Pisikal na Anyo</td><td></td></tr>
<tr><td>Mga Katanngian</td><td></td></tr>
</table>
<br>
Hayaan magbahagi ng mga sagot ang mga mag-aaral. Talakayin ang kanilang mga sagot.
</td>
<td>
Upang mas maintindihan natin kung ano ang kanilang mga tungkulin, basahin natin ang sumusunod na talata.<br><br>
Ang Pilipinas ay isang pamahalaang <u>demokratiko</u>. Binoboto ng mga Pilipino ang mga nais nilang maging pinuno sa gobyerno. Ang pangunahing tungkulin ng <u>pamahalaan</u> ay tugunan ang pangangailangan ng mga <u>mamamayan</u>. Ito rin ay nagpapatupad ng mga batas para sa ikabubuti ng mga taong nakatira sa bansa. Kabilang dito ang pagtatanggol sa ating <u>teritoryo</u>. Ang lupain na sakop ng ating bansa ay mahalaga sapagkat dito tayo kumukuha ng natural resources o mga likas na yaman. Ginagamit natin ang mga ito upang gumawa ng mga <u>lokal</u> na produkto gaya ng bigas at iba pang pagkain.<br><br>
Tulungan ang mga mag-aaral na tukuying ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit.<br><br>
Mga gabay na tanong:
</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 1. Anu-ano ang mga salita mula sa talata na nagsisilbing clues sa ibig sabihin ng salitang __________?<br>2. Paano ito ginamit sa pangungusap? Ito ba ay pangngalan ng tao, salitang kilos o paglalarawan?<br>3. Ano sa tingin ninyo ang kahulugan nito?<br><br>Ipatukoy sa mga bata kung aling salita ang tinutukoy sa mga sumusunod:<br><br>___________________________- institusyon na gumagawa at nagpapatupad ng batas<br>- nangangalaga sa kapakanan ng mga mamamayan<br><br>___________________________<br>- salitang naglalarawan na nangangahulugang mula o katutubo sa isang lugar<br><br>___________________________<br>- tawag sa mga taong naninirahan at ipinanganak sa isang bansa | | |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Halimbawa: mga Pilipino sa Pilipinas<br><br>____________________________<br>___<br>- uri ng pamahalaan kung saan ang mga mamamayan ang pumipili o bumoboto ng kanilang mga pinuno<br><br>____________________________<br>___<br>- lahat ng mga lupain at anyong tubig na sakop ng isang bansa | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Ipagawa sa mga mag-aaral ang independent writing task ukol sa mga katangian ng isang mabuti o huwarang pinuno. Magpasulat ng isang talata na binubuo ng 3-5 pangungusap. Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang mga salitang tinalakay sa kanilang aralin ngayong araw. | Muling banggitin ang mga halimbawa ng mga salitang dinaglat.<br>Ipaliwanag na ang mga ito ay mga titulo o bansag na karaniwang nagpapakita ng propesyon o trabaho ng isang tao.<br>Ang mga ito rin ay ginagamit upang magbigay- galang sa kanila.<br><br>Sabihin:<br>Si Bb. Cabiles ay isang guro. Bilang paggalang sa mga guro tulad niya at mga nakatatanda sa paaralan, narito ang mga ilan sa mga ekspresyon o pagbati na ating ginagamit. | Pag- usapan ang mga sumusunod na tanong matapos basahin ang kuwento.<br>1. Sagutin ang motive question.<br>2. Sino sa mga bayani sa kuwento ang pinakahinahangaan ninyo? Bakit?<br>3. Sa inyong palagay, mahirap ba ang maging bayani? Bakit/ bakit hindi?<br>4. Bilang mga mga-aaral ng ikatlong baitang, paano ninyo maipapakita ang pagiging bayani (sa simpleng paraan)? | Sabihin:<br>Narito ang mga ilang bayani na nabanggit sa kuwento.<br><br>**Gng**. Melchora Aquino<br>**Bb**. Patrocinio Gamboa<br>**Pang.** Emilio Aguinaldo<br><br>Mahalaga at malaki ang kontribusyon ng mga bayani sa pagkamit ng ating kalayaan. Bilang pangalan ay maari tayong gumamit ng mga salitang dinaglat kaakibat ng kanilang mga pangalan.<br><br>Gawain: Liham ng Pasasalamat |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

<table>
<tr><td></td><td></td><td>“Magandang umaga/ tanghali/ hapon!”<br>“Opo.”<br>“Hindi po.”<br>“Maari po bang __________?”<br>“Paumanhin po.”<br>“Makikiraan po.”<br><br>Talakayin ang mga sitwasyon kung kailan at anu-anong mga sitwasyon ginagamit ang mga  nabanggit na magalang na pananalita.</td><td>Sabihin:<br>Balikan natin ang ilang mga detalye/ pangyayari sa kuwento.<br>Namula si Beatrice. Marami siyang gustong sabihin. Nanunuyo ang kanyang lalamunan.<br><br>Ano kaya ang nangyayari kay Beatrice?<br>Ano sa tingin ninyo ang nararamdaman ni Beatrice?<br>Naranasan na rin ba ninyo ang mamula ang inyong mukha at manuyo ang inyong lalamunan?<br>Kailan ito nangyari?<br><br>Si Beatrice ay nine-nerbiyos o natatakot. Kapag ito ang ating nararamdaman, tayo ay namumula o di kaya’y tila nanunuyot ang lalamunan. Maaring dahil tayo ay kinakabahan at natatakot na may masabing mali o baka tayo ay pagtawanan ng iba.<br><br>Sabihin:<br>Madalas ay hindi direktang sinasabi ng may-akda ang iniisip at nararamdaman ng mga tauhan sa kuwento.</td><td>Magbigay ng independent writing task sa mga mag-aaral. Tiyakin na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng wastong salitang dinaglat sa pangngalan ng kanilang napiling bayani. Gayundin, siguruhin an sila ay gagamit ng pormal at magalang na pananalita sa kanilang mga liham.</td></tr>
</table>

FOR TEACHERS’ REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Kaya naman bilang mga mambabasa, tayo ay kumukha ng text clues o mga salitang nagpapahiwatig upang magbigay ng hinuha sa nararamdaman o iniisip ng tauhan. Tayo rin ay nag-iisip ng sarili nating mga karanasan na katulad ng sitwasyon ng tauhan upang makapagbigay tayo ng tamang hinuha.<br><br>Talakayin ang mga posibleng nararamdaman ng pangunahing tauhan sa mga sumusunod na sitwasyon.<br>1. Tinanong ni Henry kung suko na ba si Beatrice sa dami ng kanilang gawain.<br>2. Tumayo si Beatrice at sinabi sa mga class officers na silay ay mag-uusap.<br>3. Biglang nasabi ni Beatrice, “Baka magaling lang talaga!” (patungkol kay Patrocinio Gamboa)<br><br>Magbigay ng prompts o balikan ang kuwento kung kinakailangan. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

<table>
<tr>
<td>Paglalapat at Paglalahat</td>
<td>Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Anu-ano ang iyong mga natutunan ukol sa isang pinuno o pagiging lider?<br>2. Upang maunawaan natin nang mabuti ang ating binasa o napakinggang kuwento, anu-ano ang mga dapat natin tandaan o gawin?</td>
<td>Hayaan ang mga mag- aaral na punan ang mga sumusunod na patlang:<br>1. Ang pangngalan ay tumutukoy sa ________________.<br>2. Ang mga salitang G., Pang., at Bb. ay mga halimbawa ng ________________.<br>3. Ilang halimbawa ng magagalang na pananalita sa paaralan ay ________________ at ________________.</td>
<td>3-2- 1 Strategy<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng<br>● 3 halimbawa ng mga bayani<br>● 2 katangian ng isang bayani<br>● 1 bagong salitang natutunan mula sa kuwento</td>
<td>Sabihin sa mga mag-aaral na dapat pahalagahan ang mga kontribusyon ng mga bayani anuman ang kanilang kasarian. Maipapakita natin ito sa pamamagitan ng magalang na pananalita.</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagtataya ng Natutuhan</td>
<td>Magbigay ng maiksing pagsasanay ukol sa kuwento. Ito ay maaring multiple choice quiz ukol sa mga detalye nito.<br><br>Halimbawa:<br>Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br>1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br>A. Henry<br>B. Melchora<br>C. Beatrice</td>
<td>Magbigay ng maiksing pagsasanay sa pagtukoy ng mga salitang may daglat.<br><br>Halimbawa:<br>Daglatin ang mga sumusunod na salita.<br>1. Binibini – __________<br>2. Doktor – __________<br>3. Pangulo – __________</td>
<td>Magbigay ng maiksing pagsasanay sa pagtukoy ng damdamin ng tauhan. Maaring magbigay ng listahan ng mga damdamin na pagpipilian.<br><br>Halimbawa:<br>● natatakot<br>● natutuwa<br>● nalulungkot<br>● nagagalit</td>
<td>Ipasagot sa bata ang worksheet. Hayaan silang magbigay ng tig-dalawang (2) halimbawa para sa mga sumusunod na kategorya.<br><table><tr><th colspan="2">PANGNGALAN</th></tr><tr><td>Tao</td><td></td></tr><tr><td>Hayop</td><td></td></tr><tr><td>Bagay</td><td></td></tr><tr><td>Lugar</td><td></td></tr></table></td>
</tr>
</table>

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Ano ang suliraning kinakaharap ng pangunahing tauhan?<br>A. Siya ay palaging may sakit.<br>B. Hindi niya kasundo ang kanyang mga kamag-aral.<br>C. Nahihirapan siya na sabihin ang kaniyang mga ideya at saloobin. | 4. Attorney – ________<br>5. Ginang – ________<br>6. Ginoo – ________ | Tukuyin ang damdamin ng mga tauhan sa mga sumusunod na sitwasyon.<br>1. Malaki ang ngiti sa labi ni Jenny. Siya ay nakatanggap ng isang regalo. Matagal na niyang gustong magkaroon ng manika. Siya ay ____________.<br>2. Umalis na ang tatay ni Mario papuntang Amerika. Hindi niya mapigilan na lumuha. Dalawang araw lamang silang nagkasama. Siya ay ____________. | Pangyayari \| |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Para sa independent writing task, maaring gumamit ng sentence starters or prompts para sa mga batang nahihirapan pang bumuo ng talata. | Maaring magbigay ng listahan ng mga talasalitaan o salitang tinalakay sa klase. Maari ring gumamit ng picture cards upang matulungan ang mga bata na hirap matandaan ang mga salita at kahulugan ng mga ito. | Maaring gumamit ng educational video ukol sa Katipunan upang mas mapalawig ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol dito. | Para sa independent writing task, maaring gumamit ng sentence starters or prompts para sa mga batang nahihirapan pang bumuo ng talata. |
| *Mga Tala* | 1. Gumamit ng mga aktwal na larawan upang mas madaling matandaan at makilala ng mga mag-aaral ang mga salitang natutunan sa klase. Magbigay ng mga halimbawa ng mga taong pamilyar sa kanila. Halimbawa, gamitin ang larawan ng mga aktwal na opisyal sa bansa o lungsod na kanilang kinabibilangan.<br>2. Gumamit ng isang writing rubric sa pagsulat ng talata ng mga mag-aaral. | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| ______________________ | ______________________ | ______________________ |
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

FOR TEACHERS' REFERENCE ONLY
NOT FOR MASS PRODUCTION